Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-31 NG ENERO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. GILBERT T. GATCHALIAN | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NOEL G. PINEDA | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. ALMA A. GATCHALIAN | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. YOLANDA B. AZADA | " |
| KGG. BERNARDO B. OPLE, JR. | " |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA | Kasangguni |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 09-2019

ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN AT NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - KGG. CHRISTIAN D. NATIVIDAD SA NAULILANG PAMILYA AT KAANAK NG YUMAONG SI IGG. WILFREDO "WILLY" PANGANIBAN, PUNONG BARANGAY NG PANASAHAN, LUNGSOD NG MALOLOS.

AKDA NI: KGG. ENRICO C. CAPULE
KAMAY-AKDA: KGG. GILBERT T. GATCHALIAN, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. ALMA A. GATCHALIAN, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. MICHAEL C. AQUINO KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. YOLANDA B. AZADA, KGG. BERNARDO B. OPLE, JR., KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT PATRICK C. DELA CRUZ

SAPAGKAT, si Igg. Wilfredo "Willy" Panganiban, Animnapu't Limang (65) taong gulang, ipinanganak noong ika-28 ng Hunyo, 1953 dating Punong Barangay ng Panasahan, Lungsod ng Malolos ay sumakabilang buhay noong ika-29 ng Enero, 2019;

SAPAGKAT, lubos na nagdadalamhati ang kanyang mga naulilang anak na sina Billy, Arnold, Jennie, Ayan, Rose, Ninoy at Aria pati na rin ang kanyang ibang kaanak at mga mamamayan ng Barangay Panasahan;

SAPAGKAT, si Igg. Panganiban ay nagtala ng paglilingkurang publiko bilang bahagi ng Sangguniang Barangay ng Panasahan bilang Punong Barangay noong 1994 hanggang 1997 at muling naihalal noong 2002 hanggang 2007;

SAPAGKAT, siya ay isang huwarang lingkod-bayan at naging saksi ang bawat isa sa atin sa kanyang katapatan, kasipagan at kagandahang-loob, mga katangiang hindi niya ipinagdamot hanggang sa huling yugto ng kanyang buhay;

SAPAGKAT, ang pagyao ni Igg. Panganiban ay nag-iwan sa atin ng matinding kapanglawan at ang mga katangi-tangi, masikhay at mapagkalingang pamanang gampaning iniwan niya sa atin ay lubos nating ipagpapasalamat, patuloy na isusulong at itataguyod bilang bantayog ng isang mabait at mapagmahal na lingkod bayan;

Dahil dito, sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang taos-pusong pakikiramay ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian at ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Kgg. Christian D. Natividad, sa naulilang pamilya at kaanak ng yumaong Igg. Wilfredo "Willy" Panganiban, dating Punong Barangay ng Panasahan, Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NOEL G. PINEDA**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. ALMA A. GATCHALIAN**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. YOLANDA H. AZADA**
KASANGGUNI

**KGG. BERNARDO B. OPLE, JR.**
KASANGGUNI

***KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

***KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer III**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
**wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod

*DhorieTrogo(SDC2)*013119